# Pamahalaan ang Iyong mga Bayarin sa Utility

## Tulong sa Bayarin sa Utility

Matutulungan ng mga kompanya ng utility ang mga kustomer sa kanilang mga bayarin sa utility kung kuwalipikado sila para sa tulong. Makipag-ugnayan sa iyong utility para sa higit pang impormasyon.

## Magtipid ng Kuryente, Maktipid ng Pera

Kung gumugugol ka ng masa maraming oras sa bahay, pinatataas mo rin ang gamit ng utility. Magsagawa ng mga simpleng hakbang tulad ng pagpapatay ng mga ilaw, paggamit ng mga power strip, pagpapaayos ng mga tulo sa mga gripo o bintana, at pagsasaayos ng mga thermostat para makaion ng malaking pagtitipid sa enerhiya.

## Manatiling Konektado gamit ang Lifeline na Telepono at mga Serbisyo ng Broadband

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng mga serbisyo ng telepono at internet, makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng telepono o nakikilahok sa kumpanya ng wireless tungkol sa Lifeline, isang programa na pinondohan ng pederal na nag-aalok ng mga diskuwento sa serbsisyo ng telepono para sa mga kuwalipikadong indibiduwal na mababa ang kita. Maaaring mag-apply ang mga subscriber ng Lifeline ng kanilang benepisyo sa bahay o serbisyo ng mobile na telepono o sa mabilis na broadband. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa www.lifelinesupport.org (nasa English lamang ang website, available sa Spanish ang aplikasyon).

## Humingi ng Tulong Ngayon

Narito kami para tulungan ka sa iyong mga tanong, alalahanin, at reklamo sa kumpanya mula 8 a.m. – 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa 1-888-333-WUTC (9882), sa pamamagitan ng live chat sa aming website o mag-email sa consumer@utc.wa.gov. Bumisita sa aming website para sa higit pang impormasyon, mga form ng reklamo, mga tip sa pagtitipid ng kuryente, at mahahalagang update tungkol sa COVID-19.

Kailangan ang impormasyong ito sa ibang format? Tumawag sa 1-800-833-6384 o i-dial ang 711 para sa Text Teletype (TTY) sa pamamagitan ng mga Serbisyo sa Relay ng Washington.

Matutulungan ka ng UTC sa iba't ibang wika. Tumawag sa 1-888-333-9882 at humingi ng interpreter.